Mga Hukuman at mga Parenting Orders Program

Kung magpapasya kang magpunta sa hukuman para sa isang desisyon ukol sa iyong mga anak, maaaring irekomenda ng hukuman o utusan ka o ang kabilang magulang na lumahok sa isang programa sa pagiging magulang matapos ang paghihiwalay. Maaaring ipag-utos ng hukuman na daluhan ang mga programang ito sa anumang oras habang may isinasagawang ligal na aksiyon. Maaari ding ipag-utos ng hukuman na ikaw o ang kabilang magulang ay lumahok sa mga pinamamahalaang pagsasalit-salitan o mga pagbisita sa pagkontak sa isang Children's Contact Service.

Kung ikaw, o ang kabilang magulang, ay hindi sumunod sa isang kautusan sa pagiging magulang, maaaring magsagawa ang hukuman ng karagdagang utos upang ikaw ay dumalo sa isang programa sa pagiging magulang matapos ang paghihiwalay. Maaari ding mag-utos ang hukuman na bayaran ang isang magulang para sa mga panahong hindi nila nakasama ang kanilang anak o para sa mga gastusing natamo habang di-matagumpay na tinatangkang gumugol ng oras sa kanilang anak. Maaari ding utusan ng hukuman ang taong hindi sumunod sa utos na bayaran ang mga ligal na gastusin ng kabilang partido patungkol sa mga proseso.

Kung ikaw ay inutusang dumalo sa isang programa sa pagiging magulang matapos ang paghihiwalay, ipagbibigay-alam sa hukuman kung ikaw ay hindi naaangkop na dumalo o kung nabigo kang dumalo. Pagkatapos ay maaaring magsagawa ng mga karagdagang utos ang hukuman.

Kung ikaw at ang kabilang magulang ay makagawa ng kasulatan ukol sa mga bagong kasunduan sa paghahatian ng oras kasama ang iyong anak (na maaaring maitakda sa isang plano sa pagiging magulang), maaari kang bumalik sa hukuman at hilingin sa hukuman na magsagawa ng mga utos sa pagpapahintulot na nagtatakda ng mga bagong kaayusan. Maaari lamang gumawa ang hukuman ng isang utos sa pagpapahintulot kung ito ay para sa ikabubuti ng bata.

Magkano ang magiging gastos?

Minsan ay sisingilin ka ng isang halaga upang magpunta sa isang Parenting Orders Program. Ang halagang kakailanganin mong bayaran ay nakasalalay sa iyong mga sitwasyon sa pinansya. Kung mababa ang iyong kita o dumaranas ka ng mga kahirapan sa pinansya, ipagbigay-alam sa Serbisyo sapagkat maglalaan ito ng mga pamamaraan upang tiyakin na magagamit mo pa din ang Programa.

Paano ko makokontak ang isang Parenting Orders Program?

Pinopondohan ng Pamahalaan ng Australia ang ilang mga organisasyong nakabase sa komunidad sa ilalim ng Family Relationship Services Program upang makapagbigay ng mga serbisyo sa ilalim ng Parenting Orders Program sa kabuuang Australia.

Para sa karagdagang impormasyon tawagan ang **Family Relationship Advice Line** sa numerong **1800 050 321** mula **alas-8 ng umaga hanggang alas-8 ng gabi Lunes hanggang Biyernes** at **alas-10 ng umaga hanggang alas-4 ng hapon kapag Sabado** (maliban sa mga pambansang piyesta-opisyal).

Maaari mo ding bisitahin ang Family Relationships Online sa **www.familyrelationships.gov.au**

Australian Government

Tulong para sa mga magulang matapos ang paghihiwalay – isang programa upang mapagana ang mga kautusan para sa pagiging magulang

Para sa mga sitwasyon kung saan ang paghihiwalay ng mga magulang ay labis na di nagkakasundo sa mga kaayusan para sa pagiging magulang, pinondohan ng Pamahalaan ng Australia ang Parenting Orders Program upang matulungan ang mga magulang na tutukan ang kanilang mga anak.

Ano ang isang Parenting Orders Program?

Ang isang Parenting Orders Program ay ang pangalan ng isang programa sa pagiging magulang matapos ang paghihiwalay sa ilalim ng Family Law Act. Tinutulungan nito ang mga hiwalay na magulang na lutasin ang mga kaayusan na nagbibigay-daan sa mga magulang at iba pang mga kapamilya na gumugol ng oras sa mga bata.

Bakit pa pupunta sa isang Parenting Orders Program?

Minsan ang mga pamilyang naghihiwalay ay hindi nagkakasundo sa kung paano makikipagkita sa kanilang mga anak at hindi nila mapagana ang mga kautusan sa pagiging magulang. Maaaring umabot na sa hukuman ang mga magulang upang magpagawa ng mga kautusan sa pagiging magulang ngunit nahihirapan silang sumunod sa mga kautusang iyon. Ang isang Parenting Orders Program ay maaaring makatulong sa mga magulang na marinig kung ano ang gusto at kinakailangan ng kanilang mga anak sa iba't-ibang mga edad at yugto ng kanilang paglaki.

Sino ang Maaaring Magpunta sa isang Parenting Orders Program?

Ang mga hiwalay na magulang na hindi nag-uusap o nagkakaproblema sa mga kaayusan sa pagiging magulang o sa mga utos ng hukuman ay maaaring magpunta sa isang Parenting Orders Program. Maaari kang dumalo sa ilang mga Program nang mag-isa o maaari kang dumalo bilang magkapareha o bilang pamilya. Maaari ding maisangkot ang iyong mga anak.

Anu-anong tulong ang makukuha para sa aking mga anak?

Ang mga anak ay maaaring makipag-usap sa isang tagapayong pampamilya bilang bahagi ng Parenting Orders Program. Maaari din silang dumalo sa isang grupo na kasama ang ibang mga anak ng mga pamilyang dumaranas ng parehong mga problema. Makatutulong ito na maunawaan nila kung ano ang nangyayari sa mga pamilya.

Kailan ako gagamit ng isang Parenting Orders Program?

Maaaring himukin o utusan ng hukuman ang mga magulang na dumalo sa Programang ito. Ikaw o ang kabilang magulang ng bata ay maaaring isangguni sa isang Parenting Orders Program ng isang Family Relationship Centre, isang tagapayong pampamilya o alinmang iba pang serbisyo na tumutulong sa iyong pamilya matapos ang paghihiwalay. Minsan ang mga magulang ang nagpapasya na magpunta mismo sa isang Parenting Orders Program.

Anu-anong impormasyon ang ibibigay sa akin ng isang Parenting Orders Program?

Ang tagapayong pampamilya at ang propesyonal sa paglutas ng di-pagkakasundo sa Parenting Orders Program ay kailangang magbigay sa iyo ng impormasyon ukol sa mga plano sa pagiging magulang at iba pang mga serbisyong makakatulong sa iyo.

Ano ang mangyayari habang may isang Parenting Orders Program?

Maraming mga bagay ang maaaring mangyari bilang bahagi ng isang Parenting Orders Program. Kabilang dito ang pakikipag-usap sa isang tagapayong pampamilya, pagdalo sa isang seminar na pang-impormasyon, paglahok sa isang grupong pang-edukasyon kasama ang iba pang mga magulang na dumaranas ng mga katulad na isyu, at, kung papayag ang parehong mga magulang, ay ang pagtangkang malutas ang di-pagkakasundo sa pamilya.

Magiging kompidensyal ba ang sasabihin ko sa isang Parenting Orders Program?

Oo, sa ilalim ng Family Law Act, ang lahat ng iyong sasabihin sa isang Parenting Orders Program sa harap ng isang tagapayong pampamilya o isang propesyonal sa paglutas ng di-pagkakasundo ay kompidensyal – maliban sa ilang mga sitwasyon, tulad ng upang maiwasan ang isang malubhang banta sa buhay o kalusugan ng isang tao o upang maiwasan ang paggawa ng isang krimen.

Sa ilalim ng Family Law Act, ang anumang sasabihin ng isang tao na dumadalo sa isang programa sa pagiging magulang matapos ang isang paghihiwalay ay hindi maaaring magamit bilang patunay sa anumang hukuman. Gayunpaman ang isang tagapayong pampamilya at ang propesyonal sa paglutas ng di-pagkakasundo ay kailangang mag-ulat ng pang-aabuso ng bata, kung mayroong panganib ng pang-aabuso, sa mga awtoridad at ito ay maaaring magamit bilang patunay sa ilang mga sitwasyon.

Gaano katagal ang Programa?

Ang mga Parenting Order Program ay maaaring makipagtulungan sa mga pamilya hangga't kinakailangan nila. Ito ay maaaring tumagal nang tatlong buwan o maaaring umabot ng dalawang taon.

Paano kung pakiramdam mo ay nanganganib ka?

Ang mga Parenting Order Program ay may nakalaang mga kaayusan upang maprotektahan ang kaligtasan ng mga kliyente at ng mga tauhan. Kung ikaw ay may mga alalahanin ukol sa iyong kaligtasan o sa kaligtasan ng iyong mga anak, dapat mo itong ipagbigay-alam sa tauhan ng Serbisyo sa lalong madaling panahon.

Magiging ligtas ba ang aking anak?

Ang kaligtasan ng lahat ng mga kapamilya ay lubhang napakahalaga sa Parenting Orders Program. Kung ikaw ay nag-aalala ukol sa kaligtasan ng iyong anak, talakayin ito sa Parenting Orders Program Service.